



Bakuna sa Tigdas, Beke, Rubella at Varicella (MMRV) Measles, Mumps, Rubella and Varicella (MMRV) Vaccine

**Panatiliing ligtas ang iyong anak.
Kunin ang lahat ng mga bakuna sa tamang oras.**

Sa pamamagitan ng pagkuha ng lahat ng mga bakuna sa tamang oras, mapoprotektahan ang iyong anak mula sa maraming sakit sa buong buhay.

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

Ano ang MMRV na bakuna?

Ang MMRV na bakuna ay nagpoprotekta laban sa

- Mga tigdas
- Mga beke
- Rubella
- Varicella (Bulutong-tubig)

Ang bakuna ay naglalaman ng mga huminang mga uring virus ng tigdas, mga beke, rubella at varicella-zoster.

Ang MMRV na bakuna ay inaprubahan ng Health Canada at libre bilang bahagi ng rutinang mga pagbabakuna ng iyong anak. Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang gumawa ng tipanan.

Sino ang dapat makakuha ng bakuna?

Ang MMRV na bakuna ay ibinibigay bilang 1 dosis sa kindergarten na edad na mga bata simula sa edad na 4 na taong gulang. Karamihan sa mga batang ito ay makakatanggap ng 1 dosis ng mga bakuna sa MMR at varicella sa o pagkatapos ng kanilang unang kaarawan. Ang dosis ng bakuna ng MMRV ay nagbibigay ng higit na proteksyon para sa iyong anak laban sa tigdas, mga beke, rubella at varicella. Ang mga bata na 4 hanggang 12 taong gulang na hindi nabakunahan laban sa mga sakit na ito ay maaari ring makakuha ng bakuna sa MMRV bilang isang serye ng 2 dosis.

Ano ang mga benepisyo ng pagkuha ng bakuna?

Ang bakuna ay ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan laban sa mga tigdas, beke, rubella at varicella na seryoso at kung minsan ay mga nakamamatay na sakit. Kapag pinabakunahan mo ang iyong anak, nakakatulong ka ring protektahan ang iba.

Ano ang mga posibleng reaksiyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga bakuna ay napakaligtas. Mas ligtas na makuha ang bakuna kaysa makakuha ng tigdas, beke, rubella o varicella.

Ang mga karaniwang reaksiyon sa bakuna ng MMRV ay maaaring kabilangan ng pagsakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Ang isang banayad na lagnat, pamamaga sa pisngi o leeg, at isang pantal na mukhang tigdas, rubella o bulutong-tubig ay maaaring mangyari ng mga 1 hanggang 2 linggo pagkatapos ng bakuna. Napakabihira na, ang isang taong nagkakaroon ng isang parang bulutong-tubig na pantal matapos mabakunahan ay maaaring magkalat ng virus mula sa bakuna. Upang maiwasan ang pagkalat nito sa iba, takpan ang pantal hanggang sa matuyo at maglangib ang mga paltos.

Ang mas malubhang mga reaksiyon ay maaaring magsama ng isang pansamantalang pagbagsak sa mga selula ng dugo na makakatulong na maiwasan ang pagdurugo (halos 1 bata sa 30,000) at encephalitis, isang pamamaga ng utak (halos 1 bata sa 1 milyon). Ang posibilidad na makakuha ng encephalitis mula sa tigdas, halos 1 sa 1,000, ay mas mataas kaysa sa bakuna. Ang mga panganib ng malubhang mga reaksiyon kasunod ng bakuna sa MMRV ay hindi naitatag. Maaaring katulad sila ng mga panganib sa bakuna ng MMR na nakalista sa itaas.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang [HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome](#).

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksiyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksiyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Sino ang hindi dapat kumuha ng bakuna?

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ang iyong anak ay:

- Nagkaroon ng isang reaksiyon na nagbabanta sa buhay sa isang nakaraang dosis ng isang tigdas, beke, bakuna ng rubella o

varicella, o anumang bahagi ng bakuna ng MMRV kabilang ang neomycin at gelatin

- Nagkaroon ng isang huminang sistema ng panlaban sa sakit dahil sa sakit o medikal na panggagamot
- Nagkaroon ng pagsasalin ng dugo o nakatanggap ng iba pang mga produkto ng dugo sa loob ng nakaraang 12 buwan
- Nagkaroon ng isang pagbagsak sa mga platelet, ng mga selula ng dugo na nakakatulong na maiwasan ang pagdurugo, pagkatapos makakuha ng isang nakaraang dosis ng bakuna ng MMR o MMRV nang walang ibang dahilan na natukoy
- May aktibong hindi ginamot na tuberkulosis
- Ay buntis o nagpaplano na magbuntis. Ang mga kababaihan ay dapat iwasan na mabuntis sa loob ng 1 buwan pagkatapos na makuha ang bakuna

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang mga tigdas, beke, rubella at varicella?

Ang mga tigdas, beke, rubella at varicella ay mga sakit na sanhi ng mga virus. Ang mga virus ay madaling kumalat sa hangin kapag ang isang nahawaang tao ay umuubo o bumabahing. Maaari kang mahawahan kapag lumanghap ka ng hangin o humawak ng isang ibabaw na nahawahan ng virus na ito. Ang mga virus ay maaari ding kumalat sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa laway ng isang nahawaang tao kapag nagbabahagi ng pagkain, inumin, sigarilyo, o sa pamamagitan ng paghalik. Maaari ding kumalat ang Varicella sa pamamagitan ng kontak sa likido mula sa mga bulutong-tubig o mga paltos ng shingles.

Ang **mga tigdas**, na kilala rin bilang pulang tigdas, ay nagiging sanhi ng lagnat, pantal, mga sintomas na tulad ng sipon at namumula, namamagang mga mata na maaaring maging sensitibo sa ilaw. Maaari itong humantong sa mga impeksyon ng tainga o бага (pulmonya). Kabilang sa mas malubhang mga komplikasyon, na nagaganap sa 1 tao sa 1,000, ay ang encephalitis, na isang pamamaga ng utak. Maaari itong humantong sa mga kombulsyon, pagkabingi o permanenteng pinsala sa utak. Halos 1 tao sa 3,000 na may tigdas ay maaaring mamatay mula sa mga komplikasyon.

Ang **beke** ay nagdudulot ng lagnat, sakit ng ulo, at pamamaga ng mga glandula ng laway at mga pisngi. Kasama sa mas malubhang komplikasyon ang encephalitis. Humigit-kumulang 1 sa 20 mga tao na may mga beke ay nakakakuha ng meningitis ng beke, isang impeksyon sa lining ng utak. Ang mga beke ay maaari ring maging sanhi ng pansamantalang pagkabingi. Ang permanenteng pagkabingi ay nangyayari sa mas mababa sa 1 sa 20,000 mga tao na may mga beke. Ang mga may sapat na gulang at kabataan na may mga beke ay maaaring magkaroon ng masakit na pamamaga ng mga testicle (mga 1 sa 4 na kaso) o mga obaryo (halos 1 sa 20 mga kaso).

Ang **rubella**, na kilala rin bilang German measles, ay maaaring maging sanhi ng malubhang komplikasyon at mga depekto sa kapanganakan sa isang hindi pa isinisilang na sanggol kabilang ang pagkabingi, mga problema sa mata, mga depekto sa puso, pinsala sa atay, at pinsala sa utak. Ito ay tinatawag na Congenital Rubella na Sindrom. Nangyayari ito sa halos 9 sa 10 mga sanggol na ipinanganak sa mga kababaihan na nahawahan ng virus sa unang 3 buwan ng kanilang pagbubuntis. Ang rubella ay maaari

ring maging sanhi ng pagkalaglag ng sanggol o patay na kapanganakan.

Ang **varicella** (bulutong-tubig) ay isang impeksyon na dulot ng varicella-zoster na virus. Ang mga batang may bulutong-tubig ay maaaring magkaroon ng karaniwan na 350 na mapula, makating mga paltos. Ang impeksyon sa mga bagong panganak, mga tinedyer, mga matatanda, mga buntis na kababaihan at ang mga may mahinang sistema ng panlaban sa sakit ay mas malubha.

Kabilang sa mga komplikasyon mula sa bulutong-tubig ay pulmonya, encephalitis, at mga impeksyon sa bakterya ng balat. Ang encephalitis ay maaaring humantong sa mga kombulsyon, pagkabingi o pinsala sa utak. Humigit-kumulang 1 sa 3,000 na may sapat na gulang ang mamamatay mula sa impeksyon.

Bihira ang impeksyon sa maagang bahagi ng pagbubuntis ay maaaring magresulta sa isang sanggol na ipanganak na may mga depekto sa kapanganakan. Ito ay kilala bilang congenital varicella syndrome (CVS). Ang mga sanggol ay maaaring magkaroon ng isang mababang timbang sa kapanganakan, mga peklat at mga problema sa kanilang mga paa, mga mata at utak. Ang bulutong-tubig ay maaari ring maging sanhi ng pagkalaglag ng sanggol o patay na kapanganakan.

Ang mga sakit na ito ay bihira na ngayon sa B.C. dahil sa mga regular na programa ng pagbabakuna sa pagkabata.

Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad

Inirerekomenda na pag-usapan ng mga magulang o mga tagapagalaga at kanilang mga anak ang pahintulot para sa pagbabakuna. Ang mga batang wala pang 19 na taong gulang, na nakakaunawa ng mga benepisyo at mga posibleng reaksyon para sa bawat bakuna at panganib sa hindi pagkuha ng bakuna, ay maaaring legal na pumayag o tumanggi sa mga pagbabakuna. Para sa higit pang impormasyon sa pahintulot ng gumugulang na menor de edad tingnan ang [HealthLinkBC File #119 Ang Batas sa mga Sanggol, Pahintulot ng Gumugulang na Menor de Edad at Pagbabakuna](#).

Para sa Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga tigdas, beke, rubella at varicella, tingnan ang sumusunod na mga File ng HealthLinkBC:

- [HealthLinkBC File #14a Mga Tigdas, Beke, Rubella \(MMR\) na Bakuna](#)
- [HealthLinkBC File #14b Mga Tigdas](#)
- [HealthLinkBC File #14c Mga Beke](#)
- [HealthLinkBC File #14d Rubella](#)
- [HealthLinkBC File #44a Mga Katotohanan Tungkol sa Bulutong-tubig](#)
- [HealthLinkBC File #44b Bakuna sa Bulutong-tubig \(Varicella\)](#)

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabakuna, bisitahin ang ImmunizeBC sa <https://immunizebc.ca/>.



ImmunizeBC



BC Centre for Disease Control
Provincial Health Services Authority

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang www.HealthLinkBC.ca o tawagan ang 8-1-1 (libreng-tawag). Para sa tulong sa bingi at may kapansanan sa pandinig (TTY), tumawag sa 7-1-1. Makukuha ang mga serbisyo sa pagsasalin sa higit sa 130 wika kapag hiniling.